All About Young Children

Information for Families on Children's Early Development

MGA IMPORMASYON SA MGA EDAD NG BATA

18 buwan *hanggang* 36 buwan

PAGBUBUO NG PANANALITA AT KARUNUNGANG BUMASA AT SUMULAT

Paano natututong magsalita ang mga bata?

Buod ng Lengguwahe at ng Kakayahang Bumasa't Sumulat

Ang mga bata ay isinilang na handang makipag-usap at matuto ng lengguwahe. Sa pakikinig sa mga usapan ng kanilang pamilya, sa kalaonan masisimulang tukuyin ng mga bata ang mga pamilyar na tunog at bumuo ng mga bukabyularyo ng mga salita na naiintindihan nila, bago pa sila makapagsalita. Ang kakayahan ng mga bata na makaintindi ng lengguwahe ay tinatawag na "receptive language."

Sa una, ang mga sanggol ay nakikipag-usap sa pamamagitan ng paggawa ng mga tunog, hal., pag-iyak, at sa pamamagitan ng mga galaw. Sa paglapit nila sa edad na bagu-bago pa lamang maglakad, nagsisimula silang gumamit ng mga ilang salitang pamilyar at, sa 4 at 5 taon, marami na silang bokabularyo at nasusunod na ang mga panuntunan ng gramatika kapag sila'y nakikipag-usap gamit ang lengguwahe. Ang kakayahan ng mga bata na gumamit ng lengguwahe upang masabi ang kanilang mga iniisip, ideya, at pakiramdam ay tinatawag na "expressive language" (o makahulugang pananalita).

Habang natututo ang mga bata ng mga salitang binibigkas , sila din ay natututo ng mga nakasulat na salita– sa pamamagitan ng mga libro, signs, at mga sulat. Bago matuto na magbasa ng mga salita, natututunan ng mga bata na ang mga nakasulat ay mga kumakatawan sa mga salita at bago magsulat, sila ay natututong gumawa ng mga marka at gumuhit ng mga larawan. Sa oras na sila'y tumungtong sa 5 taon, maiintindihan nila na binubuo ng mga letra ang mga salita at ang mga salita ay makakagawa ng mga kuwento na matututunan nilang basahin. Maraming mga 5 taong gulang na nakakabasa at nakakasulat na rin ng kanilang sariling pangalan.

© Copyright 2013, California Department of Education.

Governor's State Advisory Council on Early Learning and Care

Paano natututong magsalita ang mga bata?

PAGBUBUO NG PANANALITA AT KARUNUNGANG BUMASA AT SUMULAT

Panimula

Paano natututo ng wika ang iyong mga anak?

- Sa ikatlong taon ng buhay, ang mga bata ay kaya ng sabihin ang kanilang mga kailangan nang maliwanag sa pamamagitan ng wika gamit ang simpleng mga pangungusap at malinaw na pagbigkas. Napakabilis nilang matuto ng mga bokabularyo at madaling gumamit ng bagong mga salita na naririnig nila na sinasabi mo. Kaya na nilang gamitin ang wika upang sabihin kung ano ang nangyari sa nakalipas at ano ang nais nilang gawin. Gamit ang kanilang mas malinaw na pananalita nakikipag-usap sila sa kanilang mga kaibigan at mga tao sa labas ng kanilang pamilya.
- Ang pag-uusap ay maaaring maging ganito:
    - Bata: Gusto kong pumunta sa park. Natatandaan mo ba na nakakita tayo ng aso sa park?
    - Magulang: Oo, yung aso na sumunod sayo at dinilaan ang iyong kamay.
    - Bata: Nakakiliti yun sa aking kamay. Maaari ba tayong bumalik sa park para makita ang aso?
- Marami sa mga bagay na ginawa mo na sa iyong anak ay nakatulong sa kanya na matutong magsalita. Ang mga kapamilya ay likas na pinag-uusapan ang mga nangyayari ngayon sa mga bata. Ito ay nakatutulong sa mga bata upang iugnay ang mga salita sa mga bagay at mga karanasan na mayroon sila.

Pag-unlad ng Wikang Bilingguwal

Paaano natututo ng wika ang mga bata sa bilingguwal o hindi nagsasalita ng Ingles na pamilya?

- Ang mga bata ay napaka dalubhasa sa pag-aaral ng wika at may kakayahan na matutunan ang dalawa o higit pang mga wika kahit na bago sila magsimulang mag-aral.
- Ang mga pamilya na nagsasalita ng wika sa bahay bukod sa Ingles ay maaaring gamitin ang kanilang sariling wika bilang kanilang pangunahing wika sa kanilang mga anak. Ang pag-aaral sa kanilang sariling wika ay nakatutulong sa mga bata na maramdamang konektado sa kanilang pamilya at kultura. Maaari din silang matuto ng Ingles kapag ang pamilya ay bilingguwal o maaari silang matuto ng Ingles kapag nagsimula na sila sa childcare o paaralan.
- Sinusuportahan ng pamilya ang pag-aaral ng wika sa pamamagitan ng pagsasalita, pagbabasa o pagkanta sa kanilang mga anak gamit ang sariling wika. Sa ganitong paraan natututo ng maraming kasanayan sa wika ang mga bata na makatutulong sa kanila kapag nagsimula na silang mag-aral ng Ingles.
- Tingnan ang iyong lokal na aklatan para sa mga aklat sa iyong sariling wika.
- Ang mga batang may ganitong oportunidad na maging bilingguwal sa batang edad ay makikinabang mula sa paggamit ng parehong wika sa buong buhay nila.

Nauunawaang Wika

Ano ang pagkaunawa ng aking anak?

"Ang Nauunawaang wika" ay tumutukoy sa mga salita na naririnig at nauunawaan ng mga bata. Nauunawaan ng mga bata ang maraming salita kaysa sa mga nasasabi nila.

© Copyright 2013, California Department of Education.

- Ang pagkikinig sa iyong sinasabi sa kanila ay nakatutulong sa kanila na matuto ng mga salita.
- Ang mga bata ay nakikinig sa mga salita na direktang sinasabi sa kanila gayundin ang pakikipag-usap na nangyayari sa kanilang paligid.
- Binibigyang pansin din nito ang tono ng wika at sa edad na tio ay nagsisimulang unawain ang kahulugan ng tono gayundin ang mga salita. Halimbawa, maaari nilang mapansin kapag ang tono mo ay natutuwa, nagigiliw, bigo, o natatakot at sa huli ay matututunan kung paano gamitin ang tono sa kanilang sarili.
- Nauunawaan ng mga bata ang 2-hakbang sa paghiling. “Maaari mo bang kunin ang kumot upang ikumot sa sanggol?” “Pakiusap ilagay mo ang mangkok sa dishwasher at punasan mo ang iyong mukha.”
- Marami sa mga bagay na nagawa mo na sa iyong anak ay natutulong sa kanya na matutong magsalita. Ang kapamilya ay likas na pinag-uusapan ang nangyayari sa ngayon, ano ang nangyari sa nakaraan at mga bagay na mangyayari sa hinaharap kasama ang mga bata. Makatutulong ito sa mga bata na iugnay ang mga salita sa mga bagay at karanasan na mayroon sila.

Wikang Nagpapahayag

Komunikasyon: Pagsasalita at pagbabasa

“Ang wikang nagpapahayag” ay kabilang ang lahat ng mga tunog at salita na nagagawa ng bata.

- Ang maliliit na bata ay maraming salita upang sabihin ang kanilang nararamdaman, pangangailangan at ideya na maaaring maintindihan ng mga kaibigan at ibang tao sa labas ng kanilang pamilya.
- Sila ay nagsimula ng matuto ng mga panuntunan ng pagsasalita, ngunit nagkakamali parin. Halimbawa, “He goed to store.” “There are two mans in the car.”
- Ang mga maliliit na bata ay nakikisali sa maiikling usapan at nagkukwento tungkol sa nakaraan at hinaharap.
- Gumagamit ang maliliit na bata ng wika sa kanilang paglalaro upang ibahagi ang kanilang mga ideya, “tulog na sanggol,” “Ito daddy, gumawa ako ng cookies para sa hapunan.”
- Ang mga maliliit na bata ay interesado sa mga aklat. Nasisiyahan sila na maglaan ng oras kasama o maupo ng sarili, buklatin ang mga pahina at sabihin ang mga bahagi ng kwento mula sa kanilang alaala. Maaari din silang magkunwari na basahin ang aklat sa kanilang mga manika o laruang hayop.
- Nanonood sila kapag binasa mo, inilipat ang mga pahina, itinuro ang mga larawan, binibigyan ng pangalan ang mga bagay sa aklat at minsan ay sasabihin saiyo kung ano ang mangyayari sa susunod.
- Gusto ng mga bata na kumanta at madalas ay alam ang mga bahagi ng kanta na kinakanta nila habang sila ay naglalaro.

© Copyright 2013, California Department of Education.

Paano natututong magsalita ang mga bata?

PAGBUBUO NG PANANALITA AT KARUNUNGANG BUMASA AT SUMULAT

Narito ang ilang mga tip upang makatulong sa pag-unlad ng wika ng iyong anak at interes sa pagbabasa:

- Sabihin sa iyong anak kung ano ang iyong ginagawa , at gagawin:

  Mas natututo ang bata ng wika kapag ito ay kaugnay sa kanyang nararanasan

  - “Ilalagay ko ang mga aklat na ito sa istante. Maaari bang iabot mo saakin ang mga iyon?”
  - “Kukunin ko ang aking sapatos para isuot. Hanapin mo nga ang saiyo?”
  - "Gumawa ako ng ensalada para sa tanghalian. Naghiwa ako ng mga pipino at kamatis para ilagay dito."
- Kapag nagpapakita ang iyong anak ng interes sa isang bagay, magbigay ng mga salita na naglalarawan kung saan sila interesado. Mas interesado ang iyong anak sa mga salita na naglalarawan sa kanyang mga interes.
  - “Nakatingin ka sa trak ng basura. Nakikita mo ba ang bahagi na kumukuha ng mga lata ng basura?”
  - "Tumingin ka sa langit. Narinig mo ba ang eroplano na lumilipad? Humihina ang tunog. Maaaring malayo na ang eroplano ngayon…”
  - “Bawat oras na binabasa natin itong aklat, dumidiretso ka sa pahina na may uod. Maaaring iyon ang iyong paboritong pahina. Ano ang gusto mo tungkol sa uod?”
- Pag-usapan kung ano ang ginagawa ng iyong anak. Ito ay katulad ng “ipakita at sabihin.” Sa oras na maramdaman ng iyong anak ang isang bagay, natututunan nila ang mga salita upang pag-usapan ito.
  - “Itinulak mo ang trak pataas sa burol at pinabayaan ito. Bumaba ito sa burol ng kanya!”
  - “Ginagamit mo ang gilid ng krayola sa papel.” Gaano kalaki ang marka?
- Pag-usapan kung ano ang ginagawa mo. Ito ay katulad ng “ipakita at sabihin.” Sa oras na makakita ang iyong anak ng isang bagay, natututunan nila ang mga salita upang pag-usapan ito.
  - "Nagpapadala ako ng email sa lola upang ipaalam sa kanya na susunduin natin siya sa estasyon ng bus."
  - “Naglalagay ako ng karagdagang mga damit sa iyong backpack kung sakaling kailangan mong magpalit sa paaralan.”
  - “Bibigyan kita ng 5 kisses. Bilangin natin sila.”
- Gumamit ng maraming salitang naglalarawan. Ito ang paraan upang makabuo siya ng bokabularyo
  - “ Ang iyong paboritong kumot ay berde at asul at madilim at nababalutan ng mga bituin.”
  - “Napakaraming gulay sa iyong kanin. Masustansiya sila. Tumutulong sila upang lumaki kang malakas at malusog.”
- Pag-usapan ang nalalapit na hinaharap. Nagbibigay ito ng pagkakataon sa mga bata na magkaroon ng pangkaisipang paglalarawan kung ano ang mangyayari bago ito maganap.
  - “ Mamaya ay oras na para isuot mo ang iyong sapatos, kapa at sombrero upang maabutan natin ang bus."
  - “Pagkatapos ng programang ito, kukunin natin ang ating kariton para makapunta na tayo sa tindahan at bumili ng pagkain para sa hapunan."
  - " Bukas ng umaga, gigising tayo ng maaga upang gumawa ng cupcake para sa kaarawan ng iyong kapatid."
- Pag-usapan ang kamakailang nakaraan. Nagbibigay ito ng pagkakataon sa mga bata na linangin ang kanilang pangkaisipang paglalarawan – ang alaala kung ano ang nangyari.

© Copyright 2013, California Department of Education.

- "Noong nandito si Nana, binasahan ka niya ng paborito mong aklat at tinuruan ka ng bagong kanta. Natatandaan mo ba ito?"
- "Noong nagpaalam ako saiyo sa paaralan noong umaga umiyak ka ng kaunti at sinabi ng iyong guro na naglaro ka ng playdough."
- "Umalis ka para makipaglaro sa iyong bahay ng iyong kaibigan na si Tori noong isang linggo. Dadating siya dito sa ating bahay ngayong hapon para makipaglaro."

- Maglaan ng mga aklat para sa iyong anak. Ang pagbibigay ng aklat sa iyong anak ay nagtuturo na pahalagahan ang mga aklat at magbasa.
  - Ang pagpunta sa silid-aklatan ay nagbibigay kasiyahan na paglabas at nagbibigay ng malaking koleksyon ng aklat upang ibahagi sa iyong anak.
- Basahan ng aklat ang iyong anak.

Ang maagang mga karanasang ito sa pagbabasa ay tumutulong sa mga bata na malaman na ang mga aklat ay naglalaman ng mga kwento, mga salita, at impormasyon para sa kanila.

  - Tagalan ang pagbabasa ng mga aklat. Madalas may mga katanungan ang mga bata o ideya na nais nilang pag-usapan sa oras ng kwento.
  - Tanungin ang iyong anak tungkol sa kwento. Ano sa palagay mo ang susunod na mangyayari? Anong bahagi ng kwento ang pinakagusto mo?
  - Maaari mo rin na ipakita sa iyong anak kung nasaan ang titulo at sabihin sa kanila ang pangalan ng tao na sumulat ng aklat.
  - Ang maagang karanasan na ito sa mga aklat ay makapagsisimula sa panghabang buhay na kagustuhan sa pagbabasa para sa ating mga anak.
- Pag-usapan ang mga larawan at aklat ng iyong anak. Ang kaalaman na ang mga larawan na iyon ay kumakatawan sa mga bagay ay unang hakbang upang matutunan ang mga titik na kumakatawan din sa mga bagay.
  - "Nakikita ko ang mga bituin sa langit. Ano ang nakikita mo?"
  - "Ano ang nakikita mo sa larawang ito?" (Kapag itinuro ng iyong anak, maaari mong sabihin ang pangalan kung ano ang itinuturo nila, kung hindi.)
- Ibahagi ang mga larawan sa iyong anak at pag-usapan din ang mga iyon:
  - "Ito ang larawan ng iyong abuelita at ng iyong tia."
  - " Ang larawang ito ay noong ikaw ay sanggol! Mas napakalaki mo na ngayon."
- Maaari kang gumawa ng mga simpleng aklat para sa iyong anak gamit ang mga larawan ng mga tao at bagay na gusto niya. Ang mga aklat na ito ay makatutulong sa kanya na makita na ang mga aklat ay kumakatawan sa mga bagay na alam niya.
  - Maaari mong idikit ang mga larawan sa papel, isulat ang mga salita para sa iyong kwento, ikabit, itali o iteyp ang mga pahina na magkakasama.
  - Hindi kinakailangang mahaba ang kwento. Maaaring mga ilang pahina lamang. "Gusto ni Dhruv na magtayo ng mga bloke. Nagsimula siya sa ilang mga nakasalansan na bloke. Mamaya ay mayroon na siyang mataas na tore.Minsan nagigiba ito at nagsimula muli siya na itayo ito." napakadali.

© Copyright 2013, California Department of Education.